

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Tanda ni Cain

Genesis 4:1-15

Ang Kasaysayan...

Ang unang dalawang anak nina Adan at Eva ay lubhang magkaiba ang likas at ugali. Hilig ni Cain ang magsaka at magtayo, samantalang si Abel ay laging nasa mga gulod at kaparangang kasama ang kanyang alagang mga hayop.

Nang pumasok ang kasalanan sa sanlibutan bunga ng pagsuway ng mag-asawa, ang Dios ay nagtatag ng isang paraan ng paghahandog at ipinaliwanag sa kanila na kung walang pagtulo ng dugo ay walang kapatawaran para sa kasalanan (Sa Mga Hebreo 9:22). Sinabi rin ng Dios na ang mga paghahandog ay nagtuturo



sa hinaharap na panahon na ang Panginoon ay magiging tao at mamamatay na isang Kordero ng Dios para sa kasalanan ng sanlibutan. Si Abel ay matapat na naghandog ng batang tupa na sakripisyo para sa kanyang mga kasalanan, ngunit si Cain ay may kaisipang hindi kailangang lubos na sundin ang utos ng Dios. Sapat na sa kanya na maghandog at surnamba sa Dios at hindi mahalag ang mga detalye nito. Kaya siya ay nag-alay ng bunga ng kanyang sariling gawa, mga ani mula sa bukid. May galit ng panibugho nang nakita ni Cain ang apoy na mula sa langit na sumunog sa hain ni Abel, ngunit ang kanyang handog ay naiwang hindi nagagalaw. Magiliw na nakiusap ang Panginoon na siya'y maging mababangloob at sumunod ngunit siya'y matigas sa kanyang paghihimagsik. Maging si Abel ay malumanay na nakipagkatuwiran sa kanyang nakatatandang kapatid ngunit ito'y lalong nag-ulol sa galit. At nang nagbalik ang kanyang hinahon, ang duguang katawan ni Abel ay nakahandusay nang walang buhay sa kanyang paanan.

14

Isinumpa ng Dios si Cain, at nang siya ay nagreklamo ukol sa hatol ay nilagyan siya ng tanda ng Panginoon, baka sakaling ang mga susunod na lahi ay maghiganti para sa unang homisidyong ito.

Ang aklat ng Apokalipsis ay nagsasabi na sa mga huling araw ay magkakaroon ng tunggalian ang mga Kristiyano kung paano at kailan sasamba. Di magtatagal at ang bawat isa ay makikilala sa pamamagitan ng tanda ng Dios o tatak ng hayop.

Ang Bag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Sino ang mga ipagsasanggalang sa panahon ng huling pitong salot?

Apokalipsis 7:3 *Na nagsasabi, huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming _____ ang mga alipin ng ating Dios.*

PALIWANAG: Yaong mga tumanggap ng tatak ng Dios sa kanilang mga noo ay ipagsasanggalang sa panahon ng salot (Awit 91:7-11).

2. Ano itong "tatak" na taglay ng mga matuwid sa kanilang noo?

Isaia 8:16 *Talian mo ang patotoo, tatakan mo ang _____ sa gitna ng aking mga alagad.*

PALIWANAG: Ang tatak ng Dios ay masusumpungan sa Kanyang kautusan. Ang tatak ay ginagawang opisyal ang anumang dokumento at karaniwang nagtataglay ng tatlong katangian: Pangalan, Tanggapan, at Nasasakupan (Teritoryo). Halimbawa: "Cyrus, hari ng Persia" Ezra 1:1.

3. Alin sa Sampung Utos ang nagtataglay ng lahat na kailangan sa isang tatak?

Exodo 20:11 *Sapagkat sa anim na araw ay _____ ng _____ ang langit at lupa, ang dagat, at _____ ng nangaroroon.*

PALIWANAG: Ang ikaapat na utos ang tanging naglalaman ng lahat ng tatlong palatandaan ng isang tatak: (1) "Ang Panginoon"—ang Kanyang pangalan, (2) "ginawa"—Ang Kanyang tanggapan (office) bilang Manlilikha, (3) "langit at lupa, dagat, at lahat ng nangaroroon"—ang Kanyang teritoryo.

4. Ano ang ibinigay ng Dios bilang tanging tanda ng Kanyang kapangyarihan?

Ezekiel 20:12 *Bukod dito'y ibinigay ko rin naman sa kanila ang aking mga Sabbath, upang maging _____ sa akin at sa kanila, upang kanilang makilala na ako ang Panginoon na nagpapabanal sa kanila.*

Ezekiel 20:20 *At ipangilin ninyo ang _____; at mga magiging _____ sa akin at sa inyo, upang malaman na ako ang Panginoon ninyong Dios.*

Exodo 31:13 *Katotohanang ipangingilin ninyo ang aking mga Sabbath; sapagkat isang _____ sa akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga lahi, upang inyong makilala na ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo.*

Paliwanag: Maliwanag na sinasabi ng Dios na ibinigay Niya ang Sabbath na tanda ng Kanyang kapangyarihan na lumikha at magpapabanal. Ito ang kanyang tanda o tatak ng kanyang kapamahalaan.



5. Ano ang ipipilit na tanggapin ng lahat ng ikalawang hayop ng Apokalipsis 13?

Apokalipsis 13:16 *At ang labat, maliliit at malalaki, mayaman at mga dukha, at ang mga laya at mga alipin ay pinabigyan ng isang _____ sa kanilang kanang kamay, o sa _____.*

6. Ano ang tanda ng hayop?

PALIWANAG: Nakilala na natin ang unang hayop ng Apokalipsis 13 sa Araling 13. Ano itong tanda ng kapangyarihan? Ang pinakamabuting paraan upang matuklasan ang tandang ito ng kapangyarihan ay tanungin nang tuwiran ang kapapahan. Pansinin ang mga sumusunod, mula sa isang katesismong Katoliko:

T: *Alin ang araw ng Sabbath?*

S: Ang Sabado ay araw ng Sabbath.

T: *Bakit natin ipinangingilin ang Linggo sa halip na Sabado?*

S: Ipinangingilin natin ang Linggo sa halip na Sabado, sapagkat ang Simbahang Katoliko ay ipinalit ang Linggo sa Sabado.

Narito pa ang ibang pahayag mula sa isang katesismo:

T: *Mayroon pa ba kayong ibang katunayan na ang Simbahan ay may kapangyarihan na gawin ito?*

S: Kung wala siya ng kapangyarihang ito, hindi niya magagawa ang kanyang ginawa na sinasangayunan ng lahat ng makabagong relihiyon—ang paglipat ng pangangilin ng Sabado sa Linggo na hindi sinasangayunan ng Kasulatan.

Sa ganito ay sinasabi ng kapapahan na ang tanda ng kapangyarihan nito ay ang paggawa sa araw ng Linggo na isang banal na araw—isang pagbabago na tinatanggap ng halos buong Kristiyanong sanlibutan.

Peter Geierman, *The Convert's Catechism of Catholic Doctrine* (St. Louis: B. Herder Book Co., 1957 edition), p. 50.

Stephen Keenan, *A Doctrinal Catechism* (New York: P. J. Kenedy & Sons, third American edition, revised, n. d.), p. 174.

7. Nakikita ba ang alinman sa tandang ito ng Dios o ng hayop?

Sa Mga Hebreo 10:16 *Ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang mga _____ at isusulat ko rin naman sa kanilang mga _____.*

Eclesiaste 9:10 *Anumang masumpungan gawain ng iyong _____, gawin mo ng iyong kapangyarihan.*

Exodo 13:9 *At sa iyong magiging _____ sa ibabaw ng iyong kamay, at _____ sa pagitan ng iyong mga mata, upang ang kautusan ng Panginoon ay sumasaiyong bibig.*

Isaia 59:6, 7 *Ang kanilang mga gawa ay gawa ng kasamaan, at ang kilos ng karahasan ay nasa kanilang _____. ... Ang kanilang mga _____ ay mga pag-iisip ng kasamaan, kawasakan at kagibaan ay nasa kanilang mga landas.*

PALIWANAG: Alinman sa tanda ng Dios o tatak ng hayop ay di nakikita. Ang noo ay kumakatawan sa pagiisip, at ang kamay ay simbolo ng paggawa. “Sa kamay” at sa “pagitan ng mga mata” ay di-nababagong mga simbolo sa Kasulatan ng isipan at gawa ng tao (Exodo 13:16; Deuteronomio 6:8; 11:18). Tatanggapin ng tao ang tanda ng hayop sa kanyang noo kung pipiliin niya ang Linggo na isang banal na araw na salungat sa sinasabi ng Biblia. Siya rin ay magkakaroon ng tanda sa kanang kamay sa paggawa sa araw ng Sabado o hayagang pangangilin ng Linggo para sa ibang mga dahilan tulad ng mga kaibigan, pamilya o gawain. Bagaman ang tanda ay hindi nakikita ng tao, batid ng Dios kung sino ang may taglay ng alinman sa mga tandang ito (2 Timoteo 2:19). Kung iginagalang at pinahalagahan ko ang banal na Sabbath ng Dios, ay lalagyan Niya ako ng tanda na ako’y sa Kanya.





8. Paano pinapasyahan ng Panginoon kung tayo ay Kanyang mga lingkod?

Roma 6:16 *Hindi бага ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinakaalipin upang tumalim kayo'y mga alipin niyang inyong _____.*

Juan 14:15 *Kung Ako'y inyong iniibig ay _____ ninyo ang aking mga utos.*

9. Ngayon ba'y mayroon ng nagtataglay ng tatak ng hayop?

Apokalipsis 13:17 *At nang _____ o _____ ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, samakatuwid ay pangalan ng hayop o bilang ng kanyang pangalan.*

PALIWANAG: Walang sinomang may tanda ngayon. Kapag ito ay naging isyung ipipilit sa lahat, yaon lamang tumanggap ng tatak ng hayop ang makabibili o makapagbibili. Sa panahong yaon, ang mga tao na nangingilin ng banal na Sabbath ng Dios ay isasapanganib ang kanilang mga buhay sa paggawa nito (Apokalipsis 13:15, at yaong mga nagpapahalaga sa mga kautusan ng tao kaysa utos ng Dios ay tatanggap ng tanda ng Antikristo.

10. Anong dalawang bagay ang sisikaping baguhin ng Antikristo?

Daniel 7:25 *At kanyang iisiping baguhin ang _____ at _____.*

PALIWANAG: Inihahayag ng Daniel 7 ang isang Matandang Tipang paglalarawan ng kapangyarihan ng Antikristo. Maliwanag na paunang sinabi na ang hayop ay sisikaping baguhin kapwa ang kautusan ng Dios at panahon. Binago ng kapapahan ang kautusan ng Dios sa pamamagitan ng (1) pag-alis ng ikalawang utos na laban sa pagsamba ng mga larawan, (2) pinaigsing ikaapat na kautusan mula sa 94 mga salita hanggang 8 lamang upang maiwasan ang pagbanggit kung alin ang araw ng Sabbath, at (3) paghati sa ikasampung utos sa dalawang kautusan. Binago rin ng kapapahan ang panahon ng Dios; (1) tinuturuan ang mga tao na kilalanin ang unang araw ng sanlinggo na Sabbath sa halip na ikapitong araw, at (2) gamitin ang paraan ng mga paganong Romano na simulan ang bawat araw sa hatinggabi sa halip na sa paglubog ng araw. Ang simula ng Sabbath, ayon sa panahon ng Dios, ay mula sa paglubog ng araw sa Biyernes hanggang sa paglubog ng araw sa Sabado (Leviticus 23:32). Walang sinomang tao ang dapat maglakas-loob na pakialaman ng banal na kautusan at panahon (Mateo 5:18).



11. Ano ang puna ng Dios sa Kanyang mga saserdote o mga pastor?

Malakias 2:8, 9 *... Inyong itinisod ang marami sa _____.*
... Hindi ninyo pagkaingat sa aking mga daan, kundi tumangi kayo ng mga sa _____.

Oseas 4:6 *Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman, sapagkat ikaw ay nagtakwil ng kaalaman, akin namang itatakwil ka, upang ikaw ay huwag maging saserdote ko: yamang iyong _____ ang _____ ng iyong Dios, akin naming kalilimutan ang iyong mga anak.*

PALIWANAG: Nagdaramdam ang Dios kapag ang Kanyang mga pastor ay hindi ipinasusunod ang lahat ng Kanyang mga utos, at sila ang dahilan kung bakit hindi ipinangingilin ang banal na Sabbath. Halos lahat ng mga

iglesia ay inaamin sa kanilang mga opisyal na pahayag na walang patibay ang Biblia para sa kabanalan ng araw ng Linggo. Isang trahedya kapwa para sa Protestantismo at Katolisismo na tumayong may sala sa hukuman ng Dios sa pagpapawalang halaga nila sa Sabbath ng Biblia! Ang Dios mismo ang nagbigay ng Sabbath bilang tanda o tatak ng kanyang kapangyarihan na lumikha at magpabanal (Exodo 31:17; Ezekiel 20:21).

12. Paanong pinahalagahan ng mga pinuno ng Dios ng matandang panahon ang mga dakilang bagay ng Kanyang kautusan?

Oseas 8:12 *Sinulat ko sa kanya ang mga dakilang bagay ng aking kautusan, ngunit kanilang inaring _____ bagay.*

PALIWANAG: Hindi pa nagbabago ang panahon. Ang Dios ang naglagay ng Sabbath, Ang Kanyang dakilang tanda, sa gitna ng Kanyang kautusan at nagsisimula ng “alalahanin”. Gayunman maraming tao ngayon na nakadarama na ang pangangilin ng ikapitong araw na Sabbath ay isang kakatwang bagay.

13. Anong tiyak at banal na sansala ang ibinibigay ng Dios sa mga pinunong relihiyoso ukol sa Kanyang banal na Sabbath?

Ezekiel 22:8 *Iyong _____ ang Aking mga banal na bagay, at iyong nilapastangan ang Aking mga Sabbath.*

Ezekiel 22:26 *Ang mga saserdote niyaon ay nagsigawa ng pandadahas sa aking mga kautusan, at nilapastangan ang aking mga banal na bagay: sila’y _____ naglagay ng _____ sa banal at sa karaniwan ... at kanilang _____ ang kanilang mga mata sa aking mga Sabbath at ako’y nalapastangan sa gitna nila.*

PALIWANAG: Tuwirang sinasansala ng Dios ang mga lider relihiyoso na nagsasabi na ang Sabbath ay hindi mahalaga .



14. Anong tiyak na kasalanan ang iniuutos ng Dios sa Kanyang mga lider na itakwil?

Isaia 58:1, 13, 24 *Humiyaw ka nang malakas, huwag kang magpiigil, ilakas mo ang iyong tinig na parang pakakak, at iyong _____ sa aking bayan ang kanilang pagsalansang. ... Kung iyong iurong ang iyong paa sa Sabbath, sa paggawa ng iyong _____ sa aking banal na araw; at iyong tawagin ang Sabbath na _____ at ang banal na Panginoon na marangal; ... Kung gayon nga’y malulugod ka sa Panginoon.*

PALIWANAG: Pinananagot ng Dios ang mga ispirituwal na lider na tawaging kasalanan ang paglabag sa araw ng Sabbath at ipilit na ang Kanyang bayan ay ipangilin ang Sabbath na banal na araw. Tulad ng mga alagad ng matandang panahon, ang tanging katiyakan ay sundin ang Dios at hindi ang tao (Mga Gawa 5:29).

15. Kapag nagpasya kang tanggapin si Jesus at lubos na sumunod sa Kanya, ano ang mangyayari?

Mateo 11:29 *Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; sapagkat Ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang _____ ng inyong mga _____.*

PALIWANAG: Sa panahon ng pagkahikayat, ang maluwalhating kapahingahan at kapayapaan ang pumapasok sa puso. Ang Sabbath, na ang ibig sabihin ay “kapahingahan” ay tanda ng kapahingahan at kapayapaan na bunga ng bagong pagkapanganak na muli (Sa Mga Hebreo 4:1-10). Walang ibang katuwaan na tulad ng katuwaang sumasa puso ng taong nahikayat at nangingilin ng banal na Sabbath ng Dios.

Ang Iyong Tugon

Bago mo sabihing “hindi” sa tatak ng hayop, kailangang sabihin mong “oo” sa tanda ng Dios. Ang Panginoon ay naghihintay ng tugon sa pinto ng iyong puso. Magpapasya ka na ba ngayon sa ilalim ng bandila ng Kanyang maluwalhating Sabbath bilang katibayan na tinanggap mo na Siya na iyong Manlilikha at Tagapagligtas?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ano Ang Mahalagang Katanungan ng Kapapahan sa mga Protestante?

Madalas na tinatanong ng mga Protestante ang kapapahan, “Paano ninyong nagawa na baguhin ang kautusan ng Dios?” Ngunit ang katanungang inihahain ng Simbahang Katoliko sa mga Protestante ay higit na malalim. Narito ang opisyal na pahayag. “Sinasabi mo sa akin na ang Sabado ang Sabbath ng mga Judio, ngunit ang Kristiyanong Sabbath ay binago na sa Linggo. Binago! Nino? Sino ba ang may kapangyarihan na baguhin ang hayag na utos ng Makapangyarihang Dios? Nang sabihin ng Dios, Ipangilin mo ang banal na ikapitong araw, sino ang maglalakas-loob na magsasabi, Hindi, upang magawa mo ang lahat ng gawain ng sanlibutan sa ikapitong araw; kundi sa halip ay ipangingilin mo ang unang araw. Ito ang pinakamahalagang katanungang hindi ko alam kung paano mo tutugunin. Ikaw ay isang Protestante at sinusunod mo ang Biblia at Biblia lamang; gayon man sa napakahalagang bagay ng pangingilin ng isang araw na banal sa loob ng sanlinggo, ay sinasalungat mo ang payak na pahayag ng Biblia. Ang utos na ipangilin ang ikapitong araw ay isa sa mga sampung utos; naniniwala ka na ang natitirang siyam ay nanatili pa; sino ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihang pakialaman ang ikaapat? Kung ikaw ay matatag sa iyong simulain, kung lubos mong sinusunod ang Biblia at Biblia lamang, kailangan mong lumikha ng ibang bahagi ng Bagong Tipan na doon ay maliwanag na binago ang ikaapat na utos.”

Library of Christian Doctrine: *Why Don't You Keep Holy the Sabbath-Day?* (London: Burns and Oates, Ltd.). pp. 3, 4.

